

# CHAPTER *One*

*M*a...” sawata ni Raiden sa sinasabi ng kanyang ina. Mula sa pinapanood na nagpapatawang mga clowns ay ibinaling niya ang pansin sa mga kabataang nagkakasiyahan sa swimming pool. First birthday ni Andrei, anak ng kanyang kaibigang si Ram.

“Mag-asawa ka na kasi, Raid,” tukso ni Ram na sadyang hininaan ang tinig para hindi marinig ng kanyang mama.

Pinandilatan niya ito. “Shut up!” mahina niyang saway.

“Sagot ko na ang wedding rings,” nakatawa namang dagdag ni Benjamin.

Itinirik niya ang mga mata at lumayo sa mga ito.

“Sige na, hijo. Kararating lang ni Celine at gusto niya sanang may makasama sa pamamasyal. Alam mo na, to get acquainted with the country again. Sampung taon na nang mag-migrate sila sa States,” ani Neomi sa kabilang linya.

“Ma, bakit ba ayaw n’yo akong tantanan?” pilit pinahahaba ang pasensyang wika niya.

“Sige nga, sabihin mong may ka-date ka at hindi na kita kukulitin,” anang ina.

Hindi na talaga napigilan ni Raiden ang pagpapakawala ng isang mahabang buntunghininga. Kung hindi niya iyon gagawin ay siguradong masinghalan na niya ang kanyang ina.

“Wala, okay? Pero hindi ibig sabihin n’un ay p’wede n’yo nang pakialaman ang mga gusto kong gawin. Kung ang mga kapatid ko ay hinayaan mo pagdating sa mga babaeng gusto nilang mapangasawa, bakit ako hindi?”

“Coz they were all married before they reached thirty! Ni wala kang girlfriend. Ikaw itong seryoso pagdating sa babae ay siya pa itong walang asawa,” sagot nito.

Mariin niyang ipinikit ang mga mata at lihim na nagbilang hanggang sampu. Tila ba ang ina niyang si Neomi ang namomroblema na hindi pa siya nag-

aasawa. Para bang nagkakaubusan na ng babae sa mundo!

“Kapag may ipinakilala ba ako sa inyong girlfriend, ititigil mo na itong matchmaking marathon mo?” tanong niya, ngunit duda siyang gagawin nito iyon.

“Kapag may ipinakilala kang fiancée, Raiden Yamada,” sagot nito na agad dinagdagan bago pa siya makapagkomento. “At sinasabi ko sa ‘yo, huwag kang magpapakilala sa akin ng kung sinu-sinong babaeng pagpapanggapin mong girlfriend para tigilan ko na ang pangungulit. Bring someone worthy enough to carry the Yamada name. Walang naghihiwalay sa pamilya natin at hindi ikaw ang sisira sa tradisyong iyon.”

Exasperated na itinirik niya ang kanyang mga mata. “Okay, Mama! Maghahanap ako ng karapat-dapat na maging bahagi ng pamilya kahit na hindi kami magkasundo at lagi na lang magbabatuhan ng pinggan at masasakit na salita araw-araw, alright?” puno ng sarkasmong sabi niya.

“Huwag mo akong bibigyan ng ganyang tono, Raiden. Gusto kong maging maligaya ka. Isa pa, sobrang gentleman mopara mangyari ‘yun. Kahit gaano kang nakukunsumi o nagagalit ay alam kong

hindi mo kayang manakit ng babae, physically or verbally,” Neomi said with fondness.

Damn him kung hindi iyon totoo! Talagang kilala na siya ng ina. At naiinis siyang kayang-kaya siya nitong basahin.

“Kaya nga, Ma! So tigilan mo na ito, okay? Makikipag-date ako sa kung sinong gusto ko. Ayokong pini-pressure mo ako sa paghahanap ng babaeng kakasamahin ko habambuhay.”

Narinig niya ang pagbuntunghininga nito sa kabilang linya. “Dalawang buwan, Rai.”

“Ano? Seriously, Ma? For goodness’ sake—”

Agad na pinutol ni Neomi ang kanyang sinasabi. “Siguraduhin mong may maipapakilala kang girlfriend in two months or else mapipilitan akong makialam na naman. *Anata o aishitemasu! Sayonara!*” Iyon lang at nawala na ito sa linya.

“Mothers!” aniya at padabog na muling naupo.

Amused na tinapunan siya ng tingin ng mga kaibigan niya. Sinalinan ni Ram ng alak ang kopita niyang wala nang laman. Inisang tungga lang niya iyon sa sobrang inis.

“Hindi pa rin tapos si Tita Neomi sa blind date marathon niya sa ‘yo?’ natatawang wika ni Ram. “Magpa-advertise ka na lang sa Internet ng ‘Wanted:

Instant Girlfriend,” suhestyon pa nito.

“Naunahan na nga ako. Can you believe na binigyan niya ako ng ultimatum na dalawang buwan para makahanap ng girlfriend at may maipakilalang fiancée sa kanya?” wika niya.

“Nag-aalala lang siguro si Tita Neomi na masyadong mahuli si Raiden sa paggawa ng kanyang mga tagapagmana,” ani Benjamin at bumaling sa kanya. “Ano, Raid? Baka ang mangyari niyan, eh, apo ko na ang irereto ko sa panganay mo,” tudyong nito.

Malakas na napahalakhak si Ram. “Ang sagwa, Benj! Lolo na ang itatawag sa ‘yo ng anak ni Raiden.”

Biglang natilihan si Benjamin at agad na kumambyo. “Ano ba naman, Raid, ang kupad mo! Alam n’yo dapat talaga, eh, kinukulit na itong si Raiden para makapag-asawa na.”

“Wala ka talaga sa hulog, Benjamin!” nakatawa uling sabi ni Ram. “But kidding aside, Raid, ano pa nga ba ang hinihintay mo? Tama si Benjie. Hindi na tayo bumabata. Ilang taon na ba mula noong nag-break kayo ni Aiko?”

Si Aiko ang pinakamatagal niyang naging girlfriend. Nakilala niya ito nang magbakasyon siya sa Japan. Nagtatrabaho bilang bagong trainee sa *Yamada Steel* ang babae. Niligawan niya ito.

Pagkatapos ng tatlong buwang panunuyo ay sinagot siya nito.

Wala nang agam-agam noon sa kanyang puso na si Aiko na ang babaeng gusto niyang makasama habambuhay. Pinaplano na nga niya kung paano magpo-propose dito. Kaya ganoon na lang ang kanyang pagkagulat nang mabasa sa balita ang anunsyo ng engagement nito. Nang komprontahin niya ang nobya ay ipinagtapat nitong nakatali na ito at ang mga magulang sa isang arranged marriage na nagawa na bago pa man ito ipinanganak. Kabilang pa ang mga magulang ni Aiko sa ilang pamilyang naniniwala sa tradisyonal na paraang iyon sa pagpili ng mapapangasawa ng mga anak. At wala itong lakas ng loob upang suwayin ang kasunduang ginawa ng mga magulang nito.

Gustong magalit ni Raiden sa pagpapaasa nito sa kanya. Alam na pala nitong hindi na ito malayang makipagrelasyon sa ibang lalaki, pero sinagot pa rin siya. Sinabi man ni Aiko na mahal siya nito ay hindi na siya naniwala. Kung talagang mahal siya nito ay pumayag sana ito nang yayain niyang sumama na sa kanya pabalik sa Pilipinas.

Nagkahiwalay sila at nagbago ang lahat para sa kanya. Simula noon ay hindi na siya sumuong sa

isang seryosong relasyon. Hindi na niya hinayaan ang sariling mapalapit nang husto sa kahit na sinong babae. Nakikipag-date siya ngunit hindi lumalagpas ng dalawang beses.

Hindi niya alam kung bakit sa tuwing may makikilala siyang babae ay agad niya itong hinahanapan ng kapintasan. Na tila ba sa simula pa lang ay ayaw na niyang bigyan ang sarili ng pagkakataon na makilala pa ito nang lubusan.

Sinimsim niya ang alak bago sumagot, “Three years.”

“Huwag mong sabihing hindi mo pa siya nakakalimutan hanggang ngayon kaya hindi mo magawang sumubok sa panibagong relasyon,” wika ni Ram.

Bahagya siyang umiling at nilaro-laro ang alak sa loob ng baso. Tumingin siya sa kaibigan.

“Siguro ay hindi ko pa lang nakikita ang babaeng pupukaw ulit ng interes ko.”

“Eh, ano nga ba ang hinahanap mo?” tanong ni Benjamin.

“Siguro ay naghahanap si Raiden ng exact opposite niya. Yung makapagpupuno sa mga bagay na wala sa kanya,” ani Ram na kumindat pa. “Parang ikaw, Benj. Isang babaeng magdadala ng sorpresa sa

buhay ni Raiden.”

“Let’s toast to that,” wika ni Benjamin na itinaas ang kopita. “Sana mahanap na ni Raiden ang kanyang ideal girl sa lalong madaling panahon. Bago pa magka-nervous breakdown sa pangungulit ni Tita Neomi.”

Sabay silang nagkatawanan.

“*Kanpai!*” aniya.



Kadarating lang ni Sarita galing sa bahay ng kapatid na si Jan nang mapadaan siya sa library. Nakita niyang may kausap ang kanyang ama. Didiretso sana siya sa ikalawang palapag ng bahay nang mahagip ng kanyang pandinig ang pagkakabanggit sa pangalan niya. Out of curiosity ay napasilip siya sa bahagyang nakaawang na pinto.

“Our youngest son, Rai, is already thirty-three at masyadong heartbroken sa kanyang first love. Hayun, hanggang ngayon ay hindi na uli nagkaroon ng nobya. Baka magkasundo sila ni Sarita,” narinig niyang sabi ng babae sa wikang Hapon.

Natawa si Hakiro. “May pagkarebelde si Sarita ko. Sa magkakapatid ay siya lang ang may lakas ng loob na sumagot-sagot sa akin. At ni hindi siya natakot na tatanggalan ko ng mana.”



Humalakhak naman ang lalaking kaharap nito. “Si Sarita siguro ang tanging nakamana ng ugali mo, Hakiro-san.”

Napailing ang kanyang ama. “She’s also very good in business. Ngayong taon na siya ang pinahawak ko sa sales and advertising department ng kompanya kaya tumaas ang stats in an amazing percentage.”

“Magiging maganda ang kombinasyon nila ni Rai pagdating sa pagpapatakbo ng ating mga negosyo,” anang babae.

“So, pag-uusapan na ba natin ang tungkol sa kanilang engagement?” nakangiting tanong ni Hakiro.

Agad ang pag-alpas ng pagrerebelde sa dibdib ni Sarita. Galit na napatakbo siya sa kanyang kuwarto at ibinalibag sa kama ang dalang shoulder bag.

*Damn Hakiro!* Pagkalipas ng mga taon ay wala pa rin itong ipinagbago. Hindi siya pawn sa chess match! Kakaladkarin muna siya ng kanyang ama patungo sa altar bago maipakasal sa lalaking gusto nito. Hindi na siya batang paslit para diktahan sa pagdedesisyon. Katulad ng kanilang ina nang magpasya itong makipaghiwalay kay Hakiro upang hindi na mangyari sa buhay niya ang pagmamaniwala

ng kanyang ama.

Katulad ng karamihan sa mayayamang pamilyang Hapon ay arranged din ang kasal ng kanyang mga magulang. Purong Hapon si Hakiro Ikeda samantalang Filipino-Japanese ang kanyang inang si Michiomi Salvosa. Hindi niya alam kung sa pagdaan ng panahon ay natutuhan ng mga itong mahalín ang isa't isa.

Pagdating sa pagdedesisyón para sa pamilya at mga anak ay hinayaan ni Michiomi si Hakiro. Iisa lamang ang hindi sinang-ayunan nito, ang kagustuhan ng asawa na ipagkasundo ang mga anak sa anak ng mga kanegosyo. Pero itinuturing pa ring batas ang desisyón ng kalalakihan sa pamilya, walang magawa si Michiomi at naipakasal ni Hakiro ang kanyang mga kapatid sa mga lalaking napili nito.

Labing-walong taong gulang si Sarita nang makipaghiwalay ang kanyang ina kay Hakiro para di mamaniwala ng ama ang buhay niya. Umuwi sila ni Michiomi sa Pilipinas. Kahit anong panakot ng ama na tatanggalan siya ng mana kapag sumama sa ina ay hindi siya natinag.

*“Wala akong pakialam sa mga pamana mo!”* ang matigas niyang sabi. Iyon ang kauna-unahang pagkakataong sinagot niya ito. Wala silang naging

komunikasyon sa loob ng walong taon.

Muli lang niyang narinig ang boses nito noong nakaraang taon nang ipaalam niya ritong may cancer of the ovary si Michiomi. Marahil sa sarili nitong pamamaraan ay minahal din ng kanyang ama ang asawa nito dahil wala na itong inaksayang panahon. Agad sila nitong ipinasundo. Pinasuri nito si Michiomi sa pinakamagagaling na doktor sa Japan at maging sa Amerika. Ngunit nasa stage four na ang cancer ni Michiomi. Wala nang magagawa si Hakiro.

Nang pumanaw ang ina ay nakiusap sa kanya ang mga kapatid na manatili na siya ulit sa Japan. Dahil lamang doon kaya siya nanatili. Akala niya ay nagbago na ang kanyang ama, ngunit heto at nakikialam na naman sa buhay niya.

At anong klaseng lalaki ba ang Rai na iyon? Trenta y tres na ay wala pang girlfriend? Siguro ay nuknukan ito ng pangit o di naman kaya ay puwede nang sumali sa *The Biggest Loser* dahil sa sobrang katabaan. Hindi na siya magtataka kung makita niya ito sa mga sumo-wrestling match bilang contender.

Nanggagalaiti pa rin sa inis na napaupo siya sa kama. Kailangan niyang makaisip ng paraan para hindi matuloy ang binabalak ng mga ito. Pero paano? Ang tanging paraan lamang na hindi siya

maipapakasal ng ama sa lalaking iyon ay kung tumakas siya rito. Aalis na naman ba siya? Saan siya pupunta na hindi matutunton ni Hakiro? Puwede rin siyang maghanap ng lalaking agad-agad na magpapakasal sa kanya para wala nang magawa ang pakialamero niyang magulang.

Napako ang kanyang paningin sa kulumpon ng mga rosas sa plorerang nasa side table ng kanyang kama. Saka niya naalala ang palaging ginagawa kapag hindi siya makapagdesisyon. Nilalaro niya ang *Loves Me, Loves Me Not* game.

Kumuha siya ng isang tangkay. Isa-isa niyang tinanggal ang talulot ng bulaklak. *Oo. Hindi. Oo... Hindi!* That's it! Aalis siya ng Japan at maghahanap ng lalaking mapapakasalan para kapag natunton siya ng ama ay hindi na siya malaya upang magawa nito ang gusto.

## CHAPTER *Two*

“Saan ka magpa-Pasko, Raid?” ani Benjamin habang papalabas sila ng *Yamada Bank*.  
“Kahit saan basta hindi lang ako makukulit ni Mama,” sagot niya.

“Good evening po, Mr. Ortega,” bati ng guwardya sa kanyang kaibigan at saka bumaling sa kanya. “Overtime po kayo, Sir? Magpa-Pasko na, trabaho pa rin?” anitong napatingin sa wall clock. Isang minuto na lang at mag-a-alas-nueve y media na ng gabi.

Nakangiting tinapik niya ito sa balikat. “Mas maraming nangangailangan ng pera sa holidays, Sison. Ikaw, off mo ba sa Pasko?” ganting tanong niya dito.

Tuwang-tuwang tumango si Sison. “Suwerte

po, Sir, naaprubahan ang tatlong araw na leave ko. Bukas hanggang sa Pasko, eh, makakasama ko ang mag-iina ko.”

Biglang natigilan si Raiden at napabaling sa kaibigan. “Anong petsa na ba ngayon?”

“Twenty-three na. Bukas makalawa ay Pasko na,” sagot ni Benjamin.

“Damn! Hindi pa ako nakakapamilya ng ireregalo sa mga inaanak at mga pamangkin ko.”

“Kung ngayon ka pa mamimili ay siguradong aabutin ka nang siyam-siyam. Holiday rush na, Raid, at siguradong blockbuster ang pila para sa last-minute shopping,” sabi ng kaibigan.

“Any ideas kung ano ang magandang gawin?” tanong niya.

“Cash na lang ang ibigay mo.”

Napangiti siya at natutuwang tinapik sa balikat ang kaibigan. “Great idea!” Kinuha niya ang ATM card sa kanyang wallet.

Napasunod sa kanya si Benjamin nang tunguhin niya ang ATM booth. Sa loob pa lang ay nakikita na nilang may isang babae at isang lalaki na kapapasok lang sa loob ng booth samantalang may isa pang lalaki na naghihintay sa labas.

Napabaling sa loob ng booth ang lalaking

nasa labas. Nakita sila nitong papalapit. Kumatok ito sa salaming pinto ng ATM booth. Napalingon ang lalaki sa loob. May sinabi ang lalaki sa labas at napatingin sa kanila ang kasama nito.

May namumuong matinding kutob sa kanyang dibdib. Napatigil siya sa tangkang pagbubukas ng pinto at muling hinarap si Benjamin.

“Hindi maganda ang kutob ko sa dalawang lalaking nasa ATM booth,” bulong niya sa kaibigan.

Agad nitong naintindihan ang kanyang tinutukoy. “Ako’ng bahala kay Kulot,” anitong disimuladong sinulyapan ang dalawang lalaki. Nilapitan naman niya ang guwardya.

“Huwag kang matataranta, Sison. Kumilos ka nang normal at tumawag ka sa istasyon ng pulis. Sabihin mong may nangho-hold-up ng isang babaeng nagwi-withdraw sa ATM,” mahina niyang sabi. “Huwag kang lalabas hangga’t hindi ko sinasabi,” bilin niya.

“Sir, ano ang gagawin n’yo?” nag-aalalang tanong ni Sison.

“Basta huwag kang magpa-panic,” muling bilin ni Raiden. Sumabay si Benjamin nang tunguhin niya ang pinto. Tinabihan ng kaibigan niya ang lalaking nasa labas, kunwari ay makikipila rin.

“Huwag kang magpapahalata sa kasama mo at huwag kang malikot baka makalabit ko ang gatilyo,” bulong nito at idiniin sa tagiliran ng lalaki ang dulo ng hawak na penlight. Gustong matawa ni Benjamin nang maramdaman ang paninigas ng katawan ng lalaki.

Dumiretso naman si Raiden sa loob ng booth. May kinukuha ang babae sa bitbit nitong bag. Marahil ay ang ATM card nito.

“Matagal pa ba kayo, pare? Nagmamadali kasi ako,” aniyang iwinasiwas ang bitbit na ATM card habang sinusulyapan ang babaeng kasama nito. Siya namang pag-angat nito ng mukha.

Lihim siyang napamura. Ang ganda! Kamukha ito ng mga bidang babae sa mga online interactive games. Ngunit hindi ito katangkaran. Halos lagpas-balikat lang niya. But she got perfect curves na kitang-kita sa suot nitong sando type blouse at faded tight-fitting jeans.

Naramdaman niya ang paninikip ng pantalon. Bigla ay na-imagine niya itong nakakulong sa kanyang mga bisig at ninanamnam ang tamis ng mapupula nitong labi. Gusto niyang matawa, napansin pa talaga niya kung gaano ito kaakit-akit sa kabila ng sitwasyon?



Lihim niyang sinaway ang sarili. *For goodness' sake, Raiden!*

Puwede na siyang maakusahan ng sexual molestation for having carnal thoughts about this girl. Mukhang kaga-graduate lang nito sa high school.

Nagkatitigan sila ng babae. Nahuli ni Raiden ang ginawa ng babae nang tinapunan nito ng mabilis na sulyap ang tagiliran nitong malapit sa katabi.

Napansin niyang nakadikit ang lalaki sa kanang tagiliran nito. Nakapaloob sa jacket ang isang kamay nito. Dalawang bagay lang ang maaaring itinatago nito sa loob ng jacket—patalim o baril—na itinututok nito sa tagiliran ng babae. Hindi siya maaaring kumilos nang basta-basta at baka mapahamak ang huli.

*Knife*, she mouthed the word sa paraang hindi napapansin ng lalaki. Bahagyang tango ang isinagot niya para iparating na naintindihan niya ang ipinapahiwatig nito.

Humanga siya sa kakayahan nitong mapanatili ang hinahon. Kung ibang babae siguro ang ginagawan ng ganito ay baka naghihisterya na sa takot o di naman kaya ay hinimatay na.

“Teka lang, pare, hindi pa kami tapos, eh.”

Kunot-noong sagot ng lalaki na nagpabalik sa kanyang pansin dito. Agad niyang napuna na nakaakbay na ito sa babae. Nagulat siya sa iritasyong agad na naramdaman. Gusto niyang itulak palayo sa estranghera ang lalaki. Ano ba ang nangyayari sa kanya?

“Hayaan mo na, love, sandali lang naman tayo, eh,” malambing na wika ng babae na humawak sa leeg ng lalaki na parang yumayakap.

Ikinagulat marahil ng holdaper ang ginawa nito. Sandali itong nalito at bahagyang napaurong. Sinamantala iyon ng babae. Sa isang iglap ay itinulak nito ang lalaki papunta sa kanya. Sinalo niya ito on reflex at mabilis na ibinalya sa dingding ng booth. Bago pa ito makahuma ay hinawakan niya sa bandang batok at diniinan ang ugat na magpapawala ng malay nito. Tila papel na pinanawan ito ng ulirat at bumagsak sa sahi.

Narinig niya ang pagsinghap ng babae. Muling napabalik ang tingin niya rito. Nanlaki ang mga mata nito sa pagkabigla. “Ano’ng nangyari sa kanya?” tanong nitong nakatitig sa lalaking nakahandusay sa sahi.

“Pinatulog ko lang,” sagot niya saka lumapit dito. “Okay ka lang?”

Tumingin ito sa kanya at alanganing ngumiti. Nahigit niya ang paghinga. Kung kaya mang marating ang langit dahil sa isang ngiti ay naroon na siya.

“Maraming salamat.”

“Hey, Raid!” tawag ni Benjamin, sabay katok sa pinto ng ATM booth.

Sabay silang napatingin sa labas. Ipinoposas na ng guwardya ang lalaking nagbabantay kanina habang nakatitig sa walang ulirat na kasama. Binuksan ni Raiden ang pinto ng booth at pinaunang makalabas ang babae. Lumapit sila kay Benjamin.

“Akala ko ay kakailanganin ko pang gamitin ’to,” nakatawa nitong sabi na iwinasiwas ang penlight. Nakangiting bumaling ito sa babae at inilahad ang isang kamay. “I’m Benjamin Ortega at ang iyong hero, Raiden Yamada,” pagpapakilala nito.

“Yamada?” ulit nitong napatitig kay Raiden. “Ikaw ang may-ari nitong bangko?”

“Mama ko, hindi ako,” nakatawang sabi niya.

So, tama si Sarita nang maisip kanina na hindi ordinaryong empleyado si Raiden. Handsome and rich. A lethal combination para sa kababaihan. Nagtataka siya kung ano ang ginagawa ng mga ito sa bangko sa ganitong oras. Single men should

be dating and partying out, not counting hours working late. Siguro ay may-asawa na ang mga ito. Agad siyang nakaramdam ng di-maipaliwanag na panghihinayang. Pilit niyang iwinaksi ang estrangherong damdaming iyon.

“And you are...?” muling untag ni Benjamin.

“Sarita I—” aniyang agad natigilan. Hindi niya puwedeng ipakilala ang sarili. Ayaw niyang may makaalam kung saan siya naroroon. “Sarita Salvosa.” wika niyang tinanggap ang pakikipagkamay ni Benjamin. “Maraming salamat sa pagtulong. Mauna na ako,” paalam na niya sa mga ito.

Nagpalinga-linga ang kausap niya. Wala itong makitang sasakyang nakaparada maliban sa sasakyan nila ni Raiden.

“Saan ka ba patungo? P’wede ka naming ihatid,” anito na itinuro ang dalawang kotse sa parking area ng bangko.

“Okay lang. Magta-taxi na lang ako,” nakangiti niyang sabi.

“Ayaw mo lang yatang malaman ni Raiden kung saan ka nakatira,” panunukso ni Benjamin.

“Huwag mong pansinin ang pinagsasabi ng isang ito,” ani Raiden sa kanya.

“Pumili ka ng number mula one hanggang ten,”

nakangiting sabi niya.

“Four,” mabilis na sagot ni Benjamin.

“Payag. Hindi. Payag. Hindi,” aniya habang ipinapakita ang apat na daliri. “Hindi raw, eh.”

“Trial pa lang ’yun. Ulitin mo,” pangungulit nito.

“Maybe next time,” nakatawa niyang saad at naglakad patungo sa gilid ng kalsada. Sumabay sa kanya ang magkaibigan.

Pinara ni Raiden ang unang taxi na dumaan. Binuksan pa nito ang pinto sa backseat at hinintay siyang makasakay.

“Maraming salamat uli. Merry Christmas!” aniya sa mga ito bago pumasok sa taxi.

“Merry Christmas, Sarita,” wika ni Raiden at binigyan siya ng makapigil-hiningang ngiti.

Bigla ay parang gusto niyang bumaba na lang ng taxi at magpahatid dito upang makasama pa ito nang matagal-tagal.

*Good heavens, Sarita! Hindi ka na teenager na mai-starstruck pa sa isang kagaya ni Raiden Yamada, saway niya sa sarili.*

“Tekla!” ani Benjamin na may dinukot sa bulsa ng pantalon. Napatingin sila rito ni Raiden. “In case kinailangan mo ng tulong,” dagdag nitong iniabot sa kanya ang isang calling card.

Agad niyang napansin ang wedding ring sa kamay nito. So, si Benjamin Ortega ay may-asawa na. Pinakiramdaman niya ang sarili. Bakit wala ang panghihinayang na naramdaman niya kanina? Kay Raiden Yamada lang ba siya attracted? Lihim niyang ipinilig ang ulo. Palalim na talaga ang gabi. Kung anu-ano na ang mga pumapasok sa utak niya. Kinuha niya ang wallet at muling nagpasalamat. Marahang isinara ni Raiden ang pinto ng taxi at kumaway pa bago umusad ang sasakyan.



Nakalayo na ang taxi pero nakatanaw pa rin si Raiden. Bahagya pa siyang nagulat nang tapikin siya ng kaibigan sa balikat.

“Dapat hiningi mo ang phone number niya, bro,” tudyong ni Benjamin.

“Style mo ’yun, Benjie,” aniyang nagpatiuna na sa kinapaparadahan ng kotse niya.

Sumunod ito sa kanya. “Nakita ko ang malagkit ninyong tinginan,” muli ay panunukso nito.

Sumandal siya sa sasakyan at humarap sa kaibigan. “Sa kabila ng sitwasyon ay talagang kung anu-ano pa ang napapansin mo.” Hindi niya alam kung bakit ayaw niyang amining tama ang obserbasyon nito.

Ngumisi ito. “Malay mo si Sarita na pala ang babaeng muling magpapatibok ng iyong natutulog na puso,” may pagkamakata pa nitong sabi.

Ilang sandaling hindi agad nakapagkomento ang binata. Hindi niya alam na ganoon ka-perceptive ang kausap.

“At nakita ko rin kung paano ka niyang tingnan. Gusto ka rin niya,” patuloy nito nang hindi siya nakapagsalita. “Pero sa palagay ko hindi siya gagawa ng paraan para muli kayong magkatagpo,” sagot nitong tinungo ang sariling kotse at binuksan ang pinto sa driver seat. “Pero kung talagang crush ka niya, umaasa pa rin akong makikipag-communicate siya sa iyo.”

“At paano naman niya gagawin ’yun?”

“Binigay ko sa kanya ang calling card mo,” wika nito at mabilis na pumasok sa kotse.

“Ano?” nanlaki ang mga matang bulalas niya.

Napahalakhak na pinaandar ni Benjamin ang sasakyan at binuksan ang bintana sa gawi nito. “Sagot ko na ang reception kapag nagkatuluyan kayo!” anito bago iniatras ang kotse at umalis.

“Luko-luko!” pahabol niyang sigaw.



Napatingin si Sarita sa relong pambisig nang

makapasok sa arrival area. Four twenty na ng hapon at nakaramdam siya ng matinding pagod. Sa nakalipas na tatlong araw ay walang tigil na pamamasyal ang kanyang ginawa. Isang dating kaklase sa kolehiyo ang muli niyang nakita sa *Facebook* at inanyayahan siya nitong bumisita sa Davao.

Bahagya niyang ipinilig ang ulo para maiwaksi ang nararamdamang antok. Itinaas niya ang kamay at minasahe ang batok. Pagdating na pagdating niya mamaya sa apartment ay matutulog siya. Tinanggal niya ang sunglasses na nakapatong sa kanyang ulo at ipinasok iyon sa bag. Dahil hindi nakatingin sa dinaraan ay nabunggo niya ang isang lalaki na tila may hinahanap sa inside pocket ng coat nito. On reflex ay hinawakan siya nito sa baywang upang alalayang huwag matumba.

“Raider!” nagulat niyang bulalas nang makilala ito. Naramdaman niyang muli ang pag-mamarathon ng kanyang pulso. Bigla yatang natanggal ang pagod niya.

*Gosh, ang guwapo talaga niya!* Sa liwanag ng araw lalong makapigil-hininga ang dating nito. Mukha itong isang modelo sa coat and tie nito at hindi man lang nakatulong ang kanilang pagkakalapit upang



bumagal ang eratikong pagtibok ng kanyang puso.

“Sarita!” bulalas din nito.

“Ano ang ginagawa mo dito?” sabay pa nilang tanong at sabay ring napatawa.

Nang magtama ang kanilang mga paningin ay agad na nagbaba ng tingin ang dalaga. Hindi niya hahayaang malaman ni Raiden na naapektuhan siya ng presensya nito. Naririnig kaya nito ang matinding kabog ng kanyang dibdib?

*Ikaw ba ’yan, Sarita?* Hindi siya kailanman nangiming magpakita ng saloobin sa kahit na sino. Kailan pa siya naging demure pagdating sa pakikiharap sa isang lalaki?

Marahan siyang binitiwang nito. “Ladies first.”

“Galing ako ng Davao. Isang dating kaklase ang nagyayang mamasyal ako doon. Ikaw?” tanong niyang muli habang naglakad. Sumabay ito sa kanya.

“Bumisita sa Davao City branch ng bangko namin,” sagot nito.

Nakarating na sila sa labas ng arrival area.

“May sundo ka ba?” tanong nito.

Marahan siyang umiling at napatingin sa pila ng mga pasahero sa taxi lane. Mukhang aabutin siya ng isang oras bago makasakay sa haba ng pila. Bigla pang umulan. Wala sa loob na napapikit siya

at iniikot ang leeg.

“Halika, ihahatid na kita,” boluntaryo ni Raiden.

“Huwag na baka maistorbo pa kita.”

“Strike two! Dalawang beses na akong basted sa ’yo, ah.”

Napangiti siya sa kabila ng pagod, pero ayaw na niyang palawigin ang kanilang pagkakakilala. Raiden’s presence made her uncomfortable at hindi niya alam kung maganda bang senyales iyon. Isa pa, hindi ito ang lalaking magiging sagot sa kanyang problema. Masyadong high profile ang pamilya Yamada para idawit niya si Raiden sa masalimuot niyang buhay.

“O sige, bibilangin ko ang lahat ng mga nakapila diyan sa taxi lane para malaman kung papayag kang pahatid o hindi,” nakangiting suhestyon nito. Natawa siya nang maalala ang ginawa sa kanilang unang pagkikita.

“Payag. Hindi....” simula nito. Hinayaan na lamang niya ito. Pagod na talaga siya para magprotesta pa. “Payag. O, pa’no ba ’yan, panalo ako ngayon,” tila batang wika nito.

“Sigurado kang okay lang, ha?” paniniguro niya.

“Tara.” Nagpatiuna na ito patungo sa isang naghihintay na puting *Chevrolet Trailblazer*. Agad na

sumalubong sa kanila ang driver. Kinuha ni Raiden ang bitbit niyang trolley bag at iniabot sa lalaki na inilagay naman nito sa backseat ng sasakyan. Inalalayan siyang makasakay ni Raiden pagkatapos ay pumasok sa driver side. Nakita niyang binigyan nito ng pera ang lalaki. Pamasaha marahil iyon sa taxi.

“Mas gusto mong ikaw ang magmaneho kesa ang driver?” tanong niya habang ikinakabit nito ang seatbelt.

Ini-start nito ang sasakyan. “I prefer my privacy kahit sa sarili kong sasakyan, Sari. Maliban kung may importante akong gagawin habang nagbibiyaha ay hindi ako nagpapahatid sa driver,” sagot nito. “Saan tayo?”

Sinabi niya kung saan ang kanilang lugar. Ini-on nito ang car stereo. Ipinikit niya ang mga mata. Tila siya hinehele ng mabining tugtugin at ng malamig na hanging nagmumula sa air-con ng sasakyan.



Naalimpungatan siya nang makarinig ng malakas ng pagbusina. Saglit siyang na-disorient nang magmulat ng mga mata. Nagtaka siya kung bakit siya natutulog sa loob ng isang sasakyan. Saka lamang naalala ang kinaroroonan nang malingunan

si Raiden na nakaupo sa driver seat. Nakahalukipkip ito at mukhang kagigising lang din.

“Hey... okay ka na?” nakangiti nitong tanong.

“Sorry, nakaidlip yata ako,” agad niyang paghingi ng paumanhin.

“Okay lang. Ang sarap nga ng tulog mo. Humihilik ka pa.”

Nanlaki ang mga mata ni Sarita. “Hindi kaya!” nakalabi niyang protesta.

Napahalakhak ang binata.

“Hindi nga? Humihilik ba talaga ako?” usisa niya.

“Nagbibiro lang ako, Sari,” sagot nitong nasa mga mata ang panunudyo.

Raiden laughed again when she made a face. Tumingin siya sa labas. Nasa tapat na sila ng kanyang inuupahang apartment. Napansin niyang tumila na ang ulan. Gabi na yata. Napasulyap siya sa relong pambisig.

“Eight twenty!” Muli siyang bumaling kay Raiden. “Kanina pa tayo nandito?”

Tumango ang lalaki. “Five thirty. Nag-aalangan ako kung gigisingin ka. Ang himbing ng tulog mo so sinabayan na lang kita.”

“Naku, sorry talaga! Hindi ba kita naistorbo

masyado? Wala ka bang pupuntahang iba? Baka—”

“It’s okay, Sari,” putol nito sa kanyang sinasabi at ngumiti. “Wala akong mahalagang pupuntahan o gagawin. Naisip ko ngang dalhin ka na lang sa bahay kaso siguradong katakot-takot na paliwanag ang ide-demand ng mama ko kung bakit may iniuwi akong babaeng tulog. Besides, baka sabihin mong kinidnap kita.” Muli ay nasa mata nito ang panunukso.

“Kung ikaw ang kidnaper baka hindi na gugustuhin ng babaeng magpa-ransom. Mga babae na siguro mismo ang magpapabiktima sa ’yo,” nakangiti rin niyang wika.

“Talaga?” taas ang kilay na tanong ni Raiden.

“Talaga!” tiyak na sagot niya.

“Ikaw kaya?”

Kumunot ang noo ng dalaga. “Ako ang ano?”

“Magpapakidnap ka ba sa akin?”

Inirapan niya ito. “Magpapapikot ka ba sa akin?” ganting tukso ni Sarita.

“Kung kasing-ganda mo ang mamimikot ay hindi na magrereklamo ang mga lalaking napipikot,” panggagaya nito sa kanyang sinabi.

“Gaya-gaya!”

Napatawa na naman ito.

“Gusto mong magkape?” anyaya ng dalaga. Iyon

lang ang maibibigay niya sa paghahatid nito sa kanya at sa pang-aabalang ginawa niya. “O baka hinihintay ka na ni Mrs. Yamada.” Hindi niya alam kung bakit kailangan niyang makaramdam ng kaunting kudlit sa dibdib sa isiping mayroon nang Mrs. Raiden Yamada.

“Hindi naghihintay si Mama sa akin sa dinner.”

“I mean si Mrs. Raiden Yamada,” pagtatama niya sa akala nito.

Nagtaas ito ng kilay at ngumiti. “Wala pang Mrs. Raiden Yamada, Sarita,” anitong itinaas ang kaliwang kamay at ipinakita ang mga daliring walang suot na anumang singsing.

Bigla yatang pumalampak ang kanyang tainga. Pinigil niya ang biglang pagbukal ng tuwa sa dibdib, pero kumawala pa rin ang isang ngiti sa kanyang mga labi. Nangislap ang pagkaaliw sa mga mata ni Raiden sa kanyang naging reaksiyon.

“So, coffee?” muli niyang anyaya.

“Mas maganda siguro kung dinner.”

Napasimangot siya. “Walang laman ang fridge ko. At saka masyado nang gabi para magluto pa. P’wede tayong magpa-deliver na lang.”

“Yayayain sana kitang mag-dinner kanina kaso tulog ka. Dumaan ako sa isang drive-thru at nag-

order ng takeout,” anitong napasulyap sa backseat.

Napatingin siya roon. Sa tabi ng kanyang trolley bag ay isang paper bag na may logo ng isang kilalang fastfood chain. Bigla siyang nakaramdam ng gutom. Kaninang umaga pa siya nakakain ng full meal. Isang slice ng cake lang ang kinain niya kaninang tanghali. Kapag nagbibiyahe siya ay hindi siya kumakain nang madami.

“Gutom na ako, sobra!” ani Raiden na nagpabalik ng kanyang pansin dito.

Biglang tumunog ang kanyang sikmura. Nagkatinginan sila at sabay na nagkatawanan.



“Ikaw lang mag-isa dito?” tanong ni Raiden habang iginagala ang paningin sa kabuuan ng kanyang apartment.

Tumango siya habang inaayos ang mga pagkaing binili nito. Lumapit ang binata sa dining table at pinanood siya sa ginagawa.

“Ang pamilya mo?”

“May sariling pamilya ang mga kapatid ko,” matipid na sagot ni Sarita. Nagmuwestra siyang maupo ito at iniabot dito ang isang styrobox ng pagkain.

“Hindi ka ba nalulungkot na mag-isa ka lang

dito? O lagi kang binibisita ng boyfriend? tanong nito sa pagitan ng pagsubo.

Bahagya siyang napangiti. “Gusto mo bang malaman kung nalulungkot ako o kung may boyfriend na ako?”

Malakas na napahalakhak ang binata. “It’s okay kung ayaw mong sagutin.”

“Yung pag-iisa, nasanay na din. ’Yung boyfriend, wala pa.”

“Sa ganda mong ’yan?”

“Kumita na ’yang punchline mo,” natawa niyang sabi. “Ikaw ba kapag nakakakita ng maganda ay liligawan mo agad?”

Nagkibit-balikat ito. “Depende.”

“Depende saan?”

“Depende kung gaano ako ka-attracted sa kanya.”

“So, hindi ka masyadong attracted sa akin. Dahil kung oo, unang pagkikita pa lang natin ay gagawa ka na ng paraan para makita ako ulit.” Saglit itong natigilan, hindi marahil inasahan ang pagiging prangka niya. Binigyan niya ito ng nakakaunawang ngiti. “Okay lang.”

“Hindi naman ’yun, Sari. Ayaw ko lang makasuhan ng cradle-snatching. My God, ang



bata-bata mo pa! Ilang taon ka na ba? Twenty-one? Ako, thirty-three na. Besides, gugustuhin mo bang magka-boyfriend ng halos tatay mo na?”

Siya naman ang malakas na napatawa. “Alam mo bang men become more attractive with age?” aniya sa nanunudyong tono.

“Talaga lang, ha!”

“Really. At twenty-seven na ako, Raiden.”

“Puwera biro?” di-naniniwalang bulalas nito.

“So, liligawan mo na ba ako?” biro niya uli.

Tinitigan siya nito at saka napailing nang marahan. “Masyado kang prangka, Sari.”

“At hindi ka komportable sa ganoon,” aniyang napansin ang bigla nitong pagseseryoso.

“Ngayon pa lang ako nakakilala ng babaeng kasing-prangka mo.”

“Ganoon ako, Raiden. Walang paligoy-ligoy. Oo o hindi lang. Ayaw ko ng maybe. Maybes are like ticking bombs. Mas mabuti na ang sabihin agad ang desisyon, di ba? Mas madali ang pagmo-move on.”

“Kahit na masasaktan ka lang sa sagot?”

Nagkibit siya ng balikat. “Ganoon naman ang buhay, hindi ba? Hindi lahat ng gusto natin ay napapasaatin. Hindi natatapos ang buhay dahil hindi mo siya nakuha.”

“Hindi ikaw ang tipong ipaglalaban ang gusto?”

“Kung pareho kami ng nararamdaman, then, siguro. Pero kung ako lang naman ang nag-e-effort, ano pa ang silbi, hindi ba? Ang taong ayaw kahit gaano mo pilitin, hindi susunod ’yan. Nagsasayang ka lang ng effort and time. Hindi ako nagho-hold on sa isang bagay na alam kong hindi kailanman magiging akin. So kung hindi mo ako gusto, rest assured na hindi ako maghahabol sa ’yo.” Kumindat pa siya.

## CHAPTER *Three*

*N*apaangat ng tingin si Raiden mula sa ginagawa nang makarinig ng mahinang katok at sumungaw sa pinto ng kanyang opisina ang sekretaryang si Dolly.

“Sir, nasa labas sina Miss Julie at Kathleen. Gusto raw kayong makausap,” anunsyo nito.

Hindi nagkomentong itinuloy muna niya ang pagpirma sa mga papeles. Nang matapos ay ibinalik niya ang mga iyon sa folder at iniabot sa babae. “Papasukin mo sila. At dalhin mo itong mga papeles kay Mr. Constantino.”

Tumango ito at muling lumabas. Ilang sandali pa ay pumasok ang kanyang hipag at pamangkin. Tumayo siya at humalik sa pisngi ng dalawang

babae. Agad na ikinawit ni Kathleen ang kamay sa kanyang braso.

“Huwag mong sabihing na-miss mo ako kaya kayo nandito?” nakangiting biro niya sa pamangkin at inakbayan ito. “Nagastos mo na ba ang Christmas cash gift ko? Ano ba’ng pinamili mo?”

Napatawa ito at malambing na yumakap sa kanyang baywang. “Bagay ba, *Oji*?” anitong bahagyang lumayo sa kanya at umikot na tila modelo upang ipakita ang suot na bagong damit.

Napatango siya. “I like it,” nasisiyahang tugon niya.

“Next year cash na lang ulit ang ipang-Christmas mo, *Oji*.” Umupo ito sa kanyang mesa.

“Inubos mo sa pagsa-shopping ang ibinigay ko?” tanong niya.

“Hay naku! Inubos lang niyan sa lakwatsa ang cash gift mo,” anang ina nito na umupo sa sofa.

Bumaling dito si Kathleen at itinirik ang mga mata. “Ma, hindi ’yun lakwatsa. Kailangan ko ’yun para sa research ko.”

Napailing si Julie at tumingin sa kanya. “Hay naku! Sa dinami-dami ng p’wedeng gawing topic sa research, eh, ’yun pang may kinalaman sa pagpunta sa bangketa ang napili ng batang ’yan.”

“Gusto kong maiba naman ang research ko, Ma. Isa pa, makakatulong din ang malalaman ko dito in the future. Paano ako makakatulong sa kabataan kung hindi ko naiintindihan ang mundong kanilang ginagalawan? Kailangan kong maranasan ang buhay nila.”

Nakapagtapos na si Kathleen ng Clinical Psychology course, pero ginusto pa uli nitong mag-aral ng Social Psychology. May inclination sa social works ang kanyang pamangkin. Ngayon habang nag-aaral ay nagtatrabaho ito bilang part-time volunteer na social worker sa *Yamada Child and Youth Foundation* na inorganisa ng kanyang nakatatandang kapatid na si Hajime. Naglalayon iyong makatulong sa mga kapus-palad na kabataan upang makapagtapos ng pag-aaral.

Napakunot ang noo ni Raiden. “Ano’ng ibig mong sabihing maranasan ang buhay nila?”

Tumingala sa kanya si Kathleen. “Gusto kong mamuhay ng katulad nila, *Oji*. Sandali lang naman. Isang buwan siguro. Gusto ko lang malaman ang epekto ng economic status at uri ng pamumuhay ng isang pamilya sa academic performance ng isang estudyante,” paliwanag nito.

“At paano mo gagawin ’yun?”

“Kailangan kong tumira sa bahay na kaya lang ng kanilang budget. Kumain ng pagkain nila. Sumakay ng jeep. Gumawa ng mga gawaing-bahay. Mag-part-time work para may maipantustos sa pag-aaral. Alam mo na, ’yung mga bagay na ginagawa ng ordinaryong estudyante para makapagtapos ng pag-aaral.” Inayos nito ang pagkakaupo sa gilid ng kanyang mesa.

Tumabi siya rito. “Kayanin mo kaya ang buhay na kinasanayan nila? Wala kang alam sa mga gawaing-bahay, Katie. At seryoso ka bang gusto mong magtrabaho bilang crew sa mga fastfood chains?”

Saglit na nag-isip si Kathleen. “Alright! Siguro ay pass na ’yung magkaroon ng part-time job. Mamuhay na lang ng katulad nila.”

“Sigurado ka, Katie?”

“Yup!” puno ng determinasyong anito.

“Kaya nga kami napapunta sa ’yo, Raid. Walang gustong sumama sa batang ’yan sa kalokohan niya. Hindi naman siya p’wedeng tumira sa apartment nang nag-iisa,” ani Julie. “Hindi rin p’wedeng samahan ng mga bodyguard. Magtataka ang mga kapitbahay kung bakit ang isang ordinaryong estudyanteng katulad niya ay may nakabantay na

bodyguard.”

Muling humawak si Kathleen sa braso ng binata at malambing na ipinatong ang baba sa kanyang balikat. “Samahan mo ako, *Oji*. Isang buwan lang. Please?”

“Hindi ba p’wedeng palitan mo na lang ang topic ng research mo?” napailing niyang sabi.

“Hindi na p’wede, *Oji*. Inaprubahan na ’yun ng professor ko.”

“Pasama ka na lang kay Nana Saling.” Ang yaya nito ang kanyang tinutukoy.

Si Julie ang mabilis na kumontra. “Hindi siya p’wedeng umalis ng walang kasamang bodyguard, Raid. Unless may sasama sa kanyang kaya siyang protektahan at ipagtanggol, hindi p’wede ang binabalak niya. Nagkasagutan na sila ng papa niya sa bagay na ’yan. Pero kung papayag kang samahan siya, Reiji would give in. At least, panatag ang loob naming nasa mabuti siyang kalagayan.”

Ang nakatatandang kapatid niyang si Reiji ay nakabase sa Japan at siyang katulong ng kanilang ama sa pamamahala ng *Yamada Industries, Inc.* Sa kanilang magkakapatid ay ito ang pinaka-protective pagdating sa pamilya. Bawat isa sa mga anak ay may sariling bodyguard at yaya.

Bumaling si Raiden sa kanyang pamangkin. “So kung papayag akong samahan ka ay kailangan ko ring mamuhay nang simple sa loob ng isang buwan, gan’un ba ’yun?”

“Walang kotse. Walang air-con. Walang maids,” mabilis na sagot ni Kathleen.

“Paano ako pupunta sa opisina? Mag-co-commute araw-araw?” bulalas niya.

“Kapag papunta doon at pauwi lang naman, *Oji*. P’wede kang mag-taxi o mag-MRT kung nag-aalala ka sa traffic. Ang mahalaga, walang makakaalam sa mga kapitbahay natin ng katayuan mo sa buhay.”

Muling napailing ang lalaki. “Kailangan mo ba talagang pagdaanan ang lahat ng ’yan, Katie?”

“Please, please, please! Promise I’ll get the honors again.” Itinaas pa nito ang kanang kamay sa pagsumpa. Nagtapos itong *cum laude* sa una nitong kurso. “Kailangan natin ng p’wedeng makasama sa bahay at magtuturo sa akin ng lahat.”

“Isama natin si Nana Saling.”

“*Oji*, hindi na kaya ni Yaya ang makipaghabulan at makipagsiksikan sa mga sasakyan. Hindi ako marunong sumakay ng jeep. I need to experience that kapag nagpupunta ng school. Kailangan ko ng isang taong hindi worry-freak about me. Kung si



Yaya 'yun, siguradong hindi ako pagtatrabahuhin sa bahay. Wala ka bang kakilalang p'wede nating makasama?"

Bigla niyang naalala si Sarita. Papayag kaya ito?



"Hi..." bati ni Raiden nang mapagbuksan niya ng pinto. Iniabot nito ang dalang mga bulaklak.

Naramdaman ni Sarita ang paglukso ng puso. Ano bang mayroon ang lalaking ito na lagi na lang kumakabog ang kanyang dibdib kapag nakikita niya? Para siyang nabalik sa pagiging teenager na kinakabahan sa harap ng kanyang crush. Crush niya si Raiden?

*Gosh, Sarita! You are too old for this kind of teenage stuff,* saway niya sa sarili.

"Uy... nadalaw ka?" tanong niyang lihim na umaasam na manliligaw ito kaya siya pinuntahan. Pag-asam na nahalinhinan ng pagkadismaya nang sumulpot mula sa likuran nito ang isang magandang babae. Bigla siyang nakaramdama ng iritasyon nang makitang humawak ito sa braso ng binata. Napilitan siyang gumanti ng ngiti nang ngitian siya ng babae. Bakit ba siya naiinis?

"May kailangan sana kami sa 'yo," ani Raiden na nagpabalik ng pansin niya rito. "P'wedeng

pumasok?”

“Tuloy kayo.” Nilakihan niya ang pagbubukas ng pinto.

Nilingon ng binata ang babaeng kasama nito at inakbayan bago inakay papasok. Parang gusto na niyang bawiin ang pagpapatuloy sa mga ito.

“Eto nga pala ang pamangkin ko, si Kathleen,” pagpapakilala nito sa kasama.

Pamangkin? Agad na nag-somersault ang puso ni Sarita. Awtomatiko ang pagsilay ng ngiti sa kanyang mga labi. Gusto niyang humalakhak.

“Hello, Miss Sarita,” ani Kathleen at inilahad ang isang kamay sa kanya. Inabot niya iyon.

“Sarita na lang, Kathleen. Upo kayo,” aniyang iminuwestra ang sofa. “Ano’ng gusto n’yong inumin? Coffee? Juice?”

Itinaas ni Raiden ang kamay. “Huwag na. Nakapagmerienda na kami bago umalis sa office.”

Umupo siya sa harap ng mga ito.

“Kailangan ni Katie ng tulong mo,” panimula nito saka mabilis na ipinaliwanag ang research paper ng pamangkin. “Ang problema ay wala akong kaalam-alam kung paano ba talaga ang pamumuhay ng isang ordinaryong estudyante. Ni hindi pa ako nakakasakay ng jeep o MRT kahit minsan,” dagdag

pa nitong napakamot ng ulo. “Nag-aalala akong mas magiging panggulo lang ako sa kailangan ng isang ’to kung sa akin lang siya aasa ng mga dapat niyang matutunan. Kung okay lang sa ’yo ay hihingi sana kami ng pabor.”

“Actually, malaking pabor, Tita Sarita,” sabat ni Kathleen. “P’wede ba kitang tawaging ‘Tita’?”

Ngumiti siya at tumango.

“Ano ba ang line of work mo?” tanong ni Raiden.

“Bakit?” nagtakang tanong niya.

“Baka masyado kang busy sa work at makaistorbo kami sa ’yo,” sagot ni Kathleen.

Bahagya siyang napailing. “Walang problema sa trabaho ko. I teach online sa mga gustong matutong mag-English or Nippongo. I also do online research and report projects. Easy income without the pressure and stress,” nakangiti niyang paliwanag.

“So walang magiging problema kung tumira kang kasama namin. P’wede mo ba kaming samahan sa loob ng isang buwan?” tanong ulit ni Kathleen.

Nang hindi siya agad nakasagot ay kumuha si Raiden ng isang tangkay ng bulaklak na ibinigay nito kanina. “Kailangan ko pa bang itanong dito?” napangiting sabi nito at sinimulang tanggalin ang talulot ng daisy. “Yes. No...”

Napahalakhak si Sarita. “Aabutin tayo ng bukas diyan,” aniya at inagaw ang bulaklak mula rito. Bumaling siya kay Kathleen. “So, kailan mo kailangan ang aking expertise sa outside world?” tanong niyang kumindat pa rito.

Lumapad ang pagkakangiti ng binata. “Thank you, Sari.”



“So?” tanong ni Sarita na iminuwestra pa ang dalawang kamay sa kabuuan ng apartment.

Iginala ni Raiden ang kanyang paningin sa paligid. Hindi kalakihan ang apartment. May dalawang silid iyon. Ang kainan at sala ay halos isang parihaba na hinati lamang sa gitna para magkaroon ng dining at living room. Ang kusina ay isang dipang espasyo na nilagyan ng lababo at patungan ng stove. At least, may mga cupboard sa itaas. Ang bathroom at toilet ay iisa na husto lang yata siyang makatayo para makapaligo.

Ngumiti siya nang matabang. Bahay na ba ito? Kung susukatin niya ay may palagay siyang mas malaki pa ang banyo sa bahay nila kung ikukumpara sa buong apartment. Nakita marahil ni Sarita ang pagkadismaya sa kanyang mukha. Binigyan siya nito ng naaalih na tingin.

“Sari, hindi yata—”

“Magkano nga ulit ang monthly rent, Tita?” biglang putol sa kanyang sinasabi na tanong nito sa may-edad na babaeng may-ari ng paupahan.

“Seven thousand. May sarili kayong kuntador ng kuryente at linya ng tubig. One month advance at one month deposit.”

“Hindi po ba problema ang tubig dito?” tanong ulit ni Sarita.

Umiling ang babae. “Hindi naman. Maliban kung summer dahil may rotasyon ng supply ng tubig ang *Maynilad*.”

Tumango ito at tumingin sa kanya. “Sige, kukunin na namin,” anitong kumuha ng pera sa bag at iniabot sa kausap.

Napasulyap sa kanya ang dalaga nang tumikhim siya para magprotesta, pero ngumiti lang ulit ito. Ibinigay ng may-ari ang susi kay Sarita.

“Masuwerte ang kuwartong ito, hija. Ang mga umuupa dito ay gumaganda ang buhay. Ang huling umupa dito ay bagong mag-asawa din. Na-promote ang lalaki at ngayon ay nasa abroad na silang dalawa,” nakangiti nitong kuwento. “Sana ay suwertehin din kayong mag-asawa.”

“Hindi po kami—”

“Salamat po, Tita,” muling putol ni Sarita sa kanyang sinasabi.

Lumabas na ang babae at naiwan sila.

“You are starting to be in a habit of cutting me off,” napapailing na wika niya.

“And you have the habit of knowing it all?” ganti nito at muling ngumiti.

Nagtaas siya ng kilay.

“Middle-class family lang ang pino-project na pamilya ni Kathleen. Sobra na nga ito para sa isang pamilyang may average income lang, Raiden. Mas okay na nga ’to kasi dalawa na ang kuwarto at may sariling banyo pa sa loob ’tapos seven thousand lang ang upa. Sa iba siguro baka ten thousand na ’to,” paliwanag nito.

“Pero ang liit nito!” tila napapantastikuhang wika niya at muling iginalala ang tingin sa kabuuan ng apartment.

“At mas malaki pa ang bathroom mo?” pagsasatinig ni Sarita sa una niyang naisip kanina.

“Well, oo!”

Napatawa ito. “Raid, toilet pa lang ng bathroom mo ay mas malaki pa dito,” tudyong nito. “Huwag ka nang mareklamo. Isipin mo na lang na ginagawa mo ’to para sa kabutihan ng pamangkin mo. Masyado

kang nasanay sa rich and pampered life. Welcome to the real world. Ito ang klase ng buhay ng mga empleyado mo sa bangko.”

“Ganitong bahay lang ba ang kayang upahan ng sinusuweldo ng mga karaniwang empleyado?” di-makapaniwalang tanong niya.

“Ginhawa na 'to para sa kanila. Masuwerte na ang pamilyang makaka-afford ng ganitong apartment. May-kaya nang matatawag ang may sariling bahay at lupa dito sa Maynila.”

Hindi makapagkomento si Raiden. Hindi niya alam na ganito pala ang buhay ng ordinaryong mamamayan.

“Hoy, huwag mong problemahin ang problema ng mundo, Raid,” anito nang makita ang lalong pagseseryoso ng kanyang mukha. “Naka-survive naman sila. Makikita mo, it isn't as bad as you think. Ipapakita ko sa iyong hindi kailangang may maraming pera para i-enjoy ang buhay. For starters, tara, libre na lang kita ng kwek-kwek,” anitong nagpatiuna na sa paglabas.

“Kwek-kwek? Ano 'yun?” kunot-noong tanong niya nang sumunod dito.

Lalong lumapad ang pagkakangiti ng dalaga. “Isang pagkain na hindi pa natitikman ng iyong

sosyal na dila.”



Pumunta sila sa isang tila palengke. Dahil pahapon na ay marami na ang mga tao. Curious na iginalala ni Raiden ang kanyang paningin dahil hindi pa siya nakakapunta ng palengke.

Sa gilid ng kalsada ay naroroon ang mga puwesto ng nagtitinda ng iba't ibang street foods. Karamihan sa mga pagkain doon ay ngayon lang niya nakita. May hugis-bilog na ibinalot sa parang orange paste. Iyon ang binili ni Sarita kanina. Nakalimutan na niya ang sinabi nitong pangalan. Sa mga inihaw ay barbecue na baboy at manok lang ang nakikilala niya.

“Ano ’yan?” bulong niya sa dalaga na ininguso ang parang zigzag on stick na iniihaw ng lalaking nagtitinda. Nahihiya siyang malaman ng mga itong hindi niya kilala ang mga itinitinda rito. Baka isipin ng mga itong galing siya sa ibang planeta.

Bahagyang natawa si Sarita. “Bituka ng manok. Gusto mo?” ganting bulong din nito. Hindi na siya hinintay makasagot dahil kumuha na ito ng limang stick ng pagkaing kanyang tinukoy at ibinigay sa lalaking nagluluto. “Kuya, isama mo doon sa may kwek-kwek kanina,” anito.



Ah, kwek-kwek pala iyong bilog na orange. Disimuladong iginala niya ang paningin sa mga taong nagsisikain sa kanyang tabi. Tila sarap na sarap ang mga ito.

“Magkano ang mga ’yan?” tanong niya kay Sarita nang iabot ng lalaki ang kanilang binili.

“Bakit, may loose change ka ba? Hindi sila tumatanggap ng check or credit cards dito, Raid,” biro ng babae.

Napakamot siya ng ulo. Hindi nga pala siya nagdadala ng cash. Siguro mula ngayon ay kailangan na niyang maglagay ng pera sa kanyang wallet. Hindi puwedeng si Sarita lagi ang nagbabayad ng mga binibili nila.

“At saka libre ko ’to, di ba?” paalala nito at nagpatiuna na sa paglakad patungo sa parke na kanilang nadaanan kanina. Dumaan sila sa isang sari-sari store at bumili ng inumin.

Papadilim na. Nagsisimula nang dumami ang mga taong nagpupunta sa parke. Tinungo nila ang isang bakanteng bench malapit sa maliit na fishpond. Ipinatong ni Sarita ang plastic ng pagkain sa upuan. Iniabot nito sa kanya ang maliit na paper container na may kwek-kwek.

“Lagyan mo nitong suka,” anitong nilagyan iyon

mula sa isang plastic.

Saglit pang pinagmasdan ng binata ang pagkain, pinag-iisipan kung kakainin ba iyon o hindi. Hindi pa siya nakakatikim ng kahit anong street food. Nag-aalala siyang baka sumakit tiyan niya. Napansin ni Sarita ang kanyang pag-aalangan.

“Itlog lang ’yan, Raiden. Cornstarch na may food color ’yang orange coating,” nakangiti nitong imporma at nilantakan ang sariling kwek-kwek. Tila takam na takam ito sa pagkain.

Kumagat siya nang kaunti. Lasang ordinaryong nilagang itlog nga lang iyon. Ang nagpapasarap ay ang sukang puti na may pinira-pirasong pipino. Actually, masarap iyon. Sa tatlong kagat lang ay naubos na niya ang kwek-kwek.

“First time mong nakakain niyan, ’no?” tanong ng babae.

Nakangiti siyang tumango. “Not bad.”

Itinaas nito ang kamay. Bahagya pa siyang napaurong nang hawakan nito ang gilid ng kanyang bibig at pahiran ng isang daliri.

“May pipino.”

Napatitig siya rito. He found the gesture sweet. Para silang mag-boyfriend na nagde-date dito sa park. Sarita was evoking strange feelings na hindi niya

kayang bigyan ng lohikal na paliwanag. Nawawala ang sense of security niya. At nagugulat siya sa banyagang damdaming unti-unting namumuo sa kanyang dibdib.

Napaka-spontaneous na tao ni Sarita. Para itong si Benjamin. Ginagawa nang hindi na masyadong pinag-iisipan ang isang bagay. Hindi katulad niya. Hindi siya kumikilos nang hindi sinisiguro ang mga bagay-bagay. Gusto niyang lagi siyang in control kaya ang lahat sa buhay niya ay metikulosong nakaplano.

Napansin nito ang pagkakatitig niya. “Bakit?”

Napakurap siya at marahang napailing. “Wala naman. Naalala ko lang si Benjamin sa iyo.”

“Ganyan ka ba palagi?” usisa nito na ikinakunot ng noo ni Raiden.

“Ano’ng ibig mong sabihin?”

“Masyadong seryoso,” sagot nito at muling itinaas ang isang kamay. Hinaplos nito ang kanyang noo. “Laging nakakunot ang noo mo. Nakakadagdag sa totoong edad mo ang laging pagseseryoso. Alam mo kung ano ang kailangan mo ngayon?”

“Ano?”

“Isang masarap na masahe.”

Tumayo ito at pumunta sa kanyang likuran.

Inilagay nito ang mga kamay sa kanyang ulo at sinimulan iyong masahehin. Ang sarap sa pakiramdam ng ginagawa nitong mabining paghaplos sa kanyang noo.

“Sari...” protesta niyang akmang lalayo. Hinawakan siya nito sa balikat at muling isinandal sa katawan nito.

“I-enjoy mo na lang itong ginagawa ko, okay?”

Napabuntunghininga ang binata at hinayaang mag-relax ang katawan. “Baka kung ano ang isipin ng iba.”

“Eh, ano naman?”

Tama ito. Bakit nga ba niya aalalahanin ang iisipin ng iba tungkol sa kanila?

Ibinaba ni Sarita ang kamay sa kanyang batok. “Mag-relax ka nga. Siguro lagi na lang trabaho ang nasa isip mo. Lumilipad-lipad ba ang mga pera diyan sa utak mo? Hay naku! Mahirap talagang magbilang ng milyones. Live it up, banker! Minsan lang tayo mabubuhay.”

## CHAPTER *Four*

*K*ompleto ang kanyang mga kaibigan sa private lounge sa bar na pag-aari ni Ram nang dumating siya. Inilapag niya sa center table ang dalang plastic bag. Agad na tiningnan ni Benjamin ang laman niyon. Tinungo ni Raiden ang mini-fridge at kumuha ng beer in can.

“Ano’ng mga ’to?” tanong ni Ram nang ilabas niya ang biniling kwek-kwek, isaw, at inihaw na dugo ng manok.

“Pulutan,” nakangiti niyang sagot at iniitsa rito ang isang lata ng inumin.

Inilabas niya ang sawsawan at inilagay sa maliit na mangkok. Kumuha si Benjamin ng isang stick ng inihaw na dugo ng manok at isinawsaw sa suka.

“Saan mo naman nabili ang mga ’to?” tanong nito na dumampot ng isang stick ng isaw.

Tumungga siya ng beer. “Sa bangketa.”

Bigla itong natigil sa akmang pagkagat sa isaw. Ganoon din si Ram na iinom na sana ng beer. Agad na napabaling sa kanya ang mga kaibigan.

“At kelan ka pa nagpupunta ng bangketa?” tanong ng huli na tinitigan siya.

Bumaling siya kay Benjamin. “Naalala mo ba si Sarita Salvosa?”

Sandaling nag-isip ang kaibigan niya. “Yung magandang babaeng tinulungan natin sa bangko.”

“Talagang napansin mo pa kung maganda ang babae o hindi, ha, Benj?” ani Ram dito. Kindat lang ang isinagot ng kaibigan “So, ano naman ang kuwento ng damsel in distress na ito?”

Ikinuwento ni Benjamin ang attempted holdup sana kay Sarita sa bangko.

“Teka nga! Hindi ko naman mai-connect kung ano ang kinalaman ng pagkakakilala ninyo kay Sarita sa bangko at sa pagkakapunta ni Raiden sa bangketa at pagbili ng mga pagkaing ’to,” angal ni Ram.

Ikinuwento naman niya ang research na ginagawa ni Kathleen.

“Magsasama kayo sa loob ng isang buwan, Raid? That’s gonna be interesting,” ani Benjamin na nasa mga mata ang panunudyo saka bumaling kay Ram. “Palagay mo, bro, anong hypothesis kaya ang i-formulate natin sa research na ito?”

Sandaling nag-isip ang tinanong. “Can love blossom in one month?” nakangisi ring sagot.

Itinirik ni Raiden ang mga mata. “Magkakasama lang kami sa bahay dahil kay Kathleen, Benjamin. At anong ‘can love blossom’ ang pinagsasabi mo, Ram?”

“Pustahan, bro?” hamon ni Benjamin. “Sige nga, lagyan natin ng kaunting spice ang buhay mo. Ten thousand kung ma-develop ka sa kanya.”

“Gawin nating beinte, Benj,” nakatawang dagdag ni Ram.

“Huwag mo kasing sineseryoso ang buhay, bro. Tigilan mo muna ang pagkakalkula ng mga bagay-bagay diyan sa utak mo at hayaan ang mga pangyayari. Numero lang ang kino-compute, hindi ang buhay ng tao,” sabi ni Benjamin.

“So, toast?” ani Ram na itinaas ang lata ng beer.

“Sa nalalapit na pagli-live in nina Raiden at Sarita,” nakangising wika ni Benjamin.

Binatukan niya ito. Nagkatawanan ang kanyang mga kaibigan.

“O, tikman n’yo na itong mga pagkaing dala ko. Masarap iyan, trust me,” udyok niya sa dalawang kaibigan. “Isawsaw n’yo muna sa suka.”

Nagkatinginan sina Benjamin at Ram bago nag-alangang kumagat sa street food pagkatapos isawsaw sa suka. Ninamnam muna iyon ng mga ito saka napangiti.

“Masarap nga,” sabay na komento ng dalawa.

Napangiti si Raiden. “See, I told you.” Biglang tumunog ang kanyang cellphone. Hindi niya kilala ang nakarehistrong numero kaya ni-reject niya ang tawag at muling ibinalik sa bulsa ang telepono.

“Sino ’yun?” tanong ni Benjamin.

Nagkibit siya ng balikat. “Maling dial lang siguro,” aniyang kumagat ng isaw.

Muling tumunog ang kanyang cellphone. Ang kanyang sekretarya ang nasa kabilang linya.

“Sir Raiden, may tumawag po sa private line ninyo. Sarita raw. Kontakin daw kita dahil may problema raw sa ipina-deliver ninyong mga gamit sa apartment. Iniwan po itong number niya,” anito at ibinigay ang numero.

“Sino ’yun?” tanong ni Ram.

“Si Dolly. Tumawag daw si Sarita sa private line ko,” aniya.



“Uy tumatawag na si partner?” tukso ni Benjamin.

“Ibinigay mo kay Sarita ang cp at private number mo?” di-makapaniwalang tanong ni Ram.

Umiling siya. “Itong si Benjamin ang nagbigay sa kanya ng card ko.” Tumayo siya at tinawagan ang numerong ibinigay ng sekretarya.

“Bakit mo ni-reject ang tawag ko?” agad na tanong ni Sarita nang marinig ang kanyang boses.

“Ikaw ba ’yung tumatawag? Ano’ng problema?” sagot niya.

“Dumating na ’yung binili mong mga gamit sa bahay at pinabalik kong lahat.”

“Bakit mo pinabalik? Nabayaran ko na ’yun in cash!” aniyang napaupo sa gilid ng mesa.

“Dahil hindi mo naman yata sinabi sa binilhan mo na maliit na apartment lang ang paglalagyan mo. Ang delivery nila ay king-sized beds, air-cons, double-door refrigerator at may oven pa. My gosh, Raiden! Hindi naman mansyon ang apartment. Paano magkakasya ang mga ’yun dito? Aba’y mas mahal pa ang presyo ng kama mo sa upa ng apartment.”

Napakamot siya ng ulo. “Malay ko ba sa mga ganyan.”

“So, kailangan nating mamili ulit.”

“Hindi ba p’wedeng magpapunta na lang ng interior decorator diyen at siya na lang ang mamili ng mga gamit at mag-ayos na din?”

“Hello? Average family lang po tayo. Saan ka nakakita ng ordinaryong mamamayan na kayang magbayad ng interior decorator?”

Napabuntunghininga si Raiden. “Kailangan ba talagang tayo ang gumawa niyan?”

“Oo, kaya pumunta ka na dito at kanina pa ako naghihintay. Ikaw ang banker ko, di ba?” anito at sinabi ang kinaroroonan bago pinatay ang koneksyon.

“May problema ba?” tanong ni Ram.

Sinabi niya rito ang nangyari. Nagkatawanan ang mga kaibigan niya.

“Ang galing mong mangolekta ng milyones pero pagdating sa bahay, bobo ka,” ani Ram.

“Aba, malay ko ba sa pagpili ng mga furniture at appliances. Kaya nga banking ang kinuha ko at hindi interior designing,” sagot niya.

“O sige na at baka hindi kayo makapagsimula ng inyong bahay-bahayan hangga’t hindi naayos ang inyong apartment,” wika ni Benjamin.

“Tado!” aniyang tinungo ang pinto.

Tawa lang ang isinagot nito.



Napataas agad ng kilay si Sarita nang makita siya. “Saan ang board meeting?” tanong nito.

“Anong board meeting?” nagtataakang balik niya.

Pinasadahan siya nito ng tingin mula ulo hanggang paa at napapalatak na sumagot, “Ikaw, Mr. Yamada, ay nakabihis pa para sa executive meeting. Kailangan po ninyong magpalit ng get-up, Sir.”

“Bakit ko pa kailangang magpalit ng damit gayung mamimili lang naman tayo?”

“Kaya nga! Dahil mamimili lang tayo. Hindi top executives ang haharapin mo kaya hindi kailangang pormal ang porma mo. Hubarin mo ’to,” anitong pumunta sa kanyang likuran at sinimulang tanggalin ang kanyang coat.

“Hey, ano’ng ginagawa mo?” agad niyang protesta pero mariing pinisil ni Sarita ang kanyang balikat at ipinagpatuloy ang ginagawa.

“Huwag kang malikot.”

“Sari, pinagtitinginan na tayo,” paanas niyang sabi nang mapansing napapalingon na sa kanila ang mga tao sa mall.

“So?” taas-kilay na tugon nito na bumalik sa kanyang harapan at tinanggal din ang kurbata niya.

Maging ang dalawang pang-itaas na butones ng kanyang polo ay inalis nito mula sa ohales.

“Baka kung ano ang isipin nila.”

“Masyado kang concerned sa iniisip ng iba. Hayaan mo nga sila.” Itinupi nito ang kanyang polo hanggang sa siko. “And for final touches...” Bahagya nitong ginulo ang kanyang buhok.

“Sari, mukha na akong ewan sa pinaggagawa mo,” aniyang pinasadahan ng mga daliri ang buhok para ibalik sa pagkakaayos. Tinapik ni Sarita ang kanyang kamay.

“Tumigil ka at huwag mong sirain ang aking masterpiece. Ayan!” nasisiyahang anito na hinila siya papasok sa isang trinket store at pinaharap sa salaming naroroon. “Tingnan mo!”

Bahagyang nagulat si Raiden sa nakikitang itsura sa salamin. Bumagay nga sa kanya ang ginawa ng dalaga.

“See, bagay sa ’yo,” anito nang magtama ang kanilang mga mata sa salamin at kumindat pa. “Pero mas maganda siguro kung naka-smile ito.” Iniangat nito ang gilid ng kanyang mga labi.

“Para ka talagang si Benjamin,” aniya.

“Dapat lagi kang magdidikit sa akin para laging may ngiti diyan sa mukha mo.”

“Bakit, clown ka ba?”

“Maniwala ka sa akin, Raiden, baka kapag natapos na itong research ni Kathleen ay hindi mo na gugustuhing mawalay sa akin. Etchos! Joke lang, baka mamaya sabihin mo ginu-good-time kita,” nakatawa uli nitong sabi.

“Masama ba?” tudyo na rin niya.

“Ang ano?”

“Kapag ayaw ko nang mawalay sa ’yo?”

“Uy, huwag kang ganyan. Baka ma-in love ako sa ’yo. Tara na nga baka magsara na ang mall!” paiwas nitong sabi at mabilis nang lumabas ng shop.

Patakbong sinundan niya ito at pabulong na sinabihan, “Takot ka bang mahuli, Sari?”

Sa pagkabigla ni Raiden ay pumihit ang dalaga at iniangkla ang mga braso nito sa kanyang leeg at pinaglapit ang kanilang mga mukha. Halos isang dangkal na lang at maglalapat na ang kanilang mga labi. Naamoy niya ang amoy-pinipig nitong hininga.

“Huwag mo akong dini-dare, Raid, at baka ako ang makahuli sa ’yo.”

Hindi siya agad nakapagsalita. Napatawa si Sarita at agad din siyang binitiwang. “Kita mo na! Eh, di natulala ka.” Muli siyang tinalikuran nito.



Mabangong amoy ng sinangag ang nagpagising kay Raiden. Nasaan siya? Bakit ang lapit yata ng mga pagkain? Dinalhan ba siya ng katulong nila ng pagkain sa kuwarto? Napainat siya at tuluyan nang nawala ang antok nang biglang mahulog sa kinahihigaan.

“Aww! What the—” pagmumura niya saka marahang dumilat. Bakit matigas? Tinanggal ba ang carpet sa kuwarto niya? Nauntog yata ang ulo niya sa sahig. Wala siya sa kanyang silid. Linoleum ang kanyang binagsakan at hindi carpet kaya matigas. Nagtatakang itinaas niya ang paningin.

Nasa apartment pala siya. Natulog siya sa convertible sofa dahil okupado nina Sarita at Kathleen ang dalawang kwarto. Napangiwi siya nang maramdaman ang pananakit ng likod. Nanibago yata siya sa hinigaan.

“Raid!” bulalas ni Sarita nang makita ang nangyari sa kanya. Agad na tumakbo ito palapit sa kanyang kinaroroonan. “Okay ka lang? Ano’ng masakit sa ’yo?” nag-aalalang tanong nito bago mabilis na kinapa ang kanyang ulo kung may bukol o sugat.

Napangiti ang binata sa kabila ng nangyari. Her constant show of concern always warmed his heart.

Noon lumabas si Kathleen mula sa kuwarto.

“Ano’ng ginagawa ninyo diyan?” naaaliw nitong tanong.

Nagkatinginan sila ng dalaga. Noon lang napansin ni Sarita na pang-ibabang pajama lang ang suot ni Raiden. Walang air-con sa apartment at kahit nakatutok sa kanya ang isang electric fan ay pinagpawisan pa rin siya. Kung puwede nga lang siyang magsuot ng boxer shorts sa pagtulog. Kaso nag-aalala siyang maeskandalo si Sarita kapag nakita siya na panloob lang ang suot.

Bago pa siya makasagot ay tumunog ang kanyang cellphone na nasa ibabaw ng center table. Napabaling siya roon. Hindi na niya tuloy napansin ang paglunok ng dalaga at ang pagtitig sa kanyang hubad na dibdib. Disimuladong itinutok nito ang electric fan sa sarili.

Dinampot ni Kathleen ang kanyang telepono at binasa ang pangalang nakalagay sa caller ID. “Si Grandma,” anitong iniabot sa kanya ang aparato.

Tinatamad na kinuha niya iyon at pinindot ang mute button. “Hayaan mong mag-ring.”

Pinamaywangan siya ng pamangkin niya. “Oji, ang sama mo!”

Itinirik niya ang mga mata at marahang

bumangon. “Kukulitin lang ako ng lola mo.”

“Kukulitin tungkol saan?”

“Sa pag-aasawa. Pupusta akong kaya ganito kaaga siyang tumawag ay para pilitin na naman akong makipag-date sa kung sinong irereto niyang babae. Kapag napuno ako ay talagang yayayain ko ng kasal ang unang babaeng mamumulatan ko paggising.” Kinuha niya ang sando sa sandalan ng upuan at isinuot.

“Naku, lagot! Delikado pala ang lagay mo, Tita Sarita. Pero okay na rin, gusto kita para kay *Oji*. Ligawan mo na si Tita Sarita, *Oji*, para maging totoo na itong bahay-bahayan ninyo.”

“Kathleen Mieko Yamada, stop being too annoying! Para ka nang si Grandma mo.”

Napahalakhak lang si Kathleen. Sumunod ito kay Sarita sa dining room. Sumunod din siya sa mga ito. Nakita niyang nakahanda na ang agahan sa mesa—sinangag, pritong itlog, tapa na may kamatis at toyo. Bigla siyang ginutom sa mabangong amoy ng pagkain.

“Relax, *Oji*! Ang aga-aga, eh, grumpy ka na. Woke up at the wrong side of the bed?” patuloy na panunukso ni Kathleen.

“Nahulog kaya ako sa sofa!” aniyang humila rin



ng isang silya.

Lalong natawa ang kanyang pamangkin. “Heto, magkape ka na lang. At pakibilisan po, baka ma-traffic ay mali-late ako.”

“Mag-taxi ka na lang hanggang sa pinakamalapit na *Yamada Bank*. Ipapasundo na lang kita doon sa driver para ihatid ka sa school.”

“*Oji*, nasa immersion ako, remember?” sagot ni Kathleen.

“Sabihin mo nga ulit, bakit ako pumayag sa ganitong set-up?”

Dumukwang ito at hinalikan siya sa pisngi. “Kasi ako ang paborito mong pamangkin! Cheer up, *Oji*, ang ganda ng umaga and I’m sure magiging good pa ang morning mo kapag natikman mo ang masarap na kape ni Tita Sarita,” anitong iniabot ang isang tasa.

“Talaga?” turan niyang napatingin kay Sarita at humigop ng inumin. Masarap nga ang kape. “Wow! Dapat mong turuan ang sekretarya kong gumawa nito. It’s really good!” aniya rito.

“Talaga?” nakangiting sagot ng dalaga at nilagyan ng kanin ang kanyang pinggan. “So, p’wede na ba akong mag-asawa?”

“Dahil sa kape?”

“Aba, Mr. Yamada, hindi lang ako magaling sa

pagtimpla ng kape! Magaling din akong magmasahe ng pagod na asawa. Aminin mo, gusto mo ang masahe ko!”

“Hmm... p’wede na!” pigil ang ngiti niyang sabi.

“Kunwari ka pa! Kung di ko pa alam, mas magaling akong magmasahe kesa sa professional masseuse mo.”

Napahalakhak na lang siya.

“Nagpamasaha ka na kay Tita Sarita, *Oji*? Kelan ’yun?” nanlalaki ang mga matang tanong ni Kathleen.

Pinandilatan niya ito. “Huwag kang intrigera, Katie,” saway niya.

Nakatawang sumagot si Sarita. “Noong nag-date kami sa park ng *Oji* mo.”

“Nag-date na kayo, *Oji*?” tanong ulit ni Kathleen na bumaling kay Sarita. “So, kumusta si *Oji* as a date, Tita Sari?”

“Mukhang nasobrahan na ang *Oji* mo sa pamamalagi sa loob ng bangko at nakalimutan na kung paanong mag-enjoy,” anang dalaga at bumaling sa kanya. “Buti hindi nabo-bore ang girlfriend mo kapag lumalabas kayo.”

“Walang girlfriend si *Oji*. Kaya nga siya pinagblind date ni Grandma sa anak ng mga amiga niya.

Nag-aalala si Grandma na tumandang binata si *Oji*,” nakatawang kuwento nito.

“Masyado kang madaldal. Kumain ka na at papasok ka pa,” napapailing na sita ni Raiden sa pamangkin.

“Tatal wala namang boyfriend si Tita Sarita, ligawan mo na lang, *Oji!*” hirit pa ulit ni Kathleen at bumaling sa nabanggit na dalaga. “Kapag nanligaw ba sa ’yo si *Oji* ay sasagutin mo, Tita Sarita?”

“At guluhin ang kanyang napaka-boring na buhay? Palagay ko ay hindi gugustuhin ng *Oji* mo ’yun, Katie,” sagot ni Sarita na nanunudyong rin ang ngiti.

“Okay na ako sa buhay ko. At tigilan ninyo akong dalawa, ha. Akala ko pa naman makakatakas na ako kay Mama ’tapos kayo rin pala ang papalit sa pangungunsumi sa akin.”

“Kita mo na, Katie? Hindi gugustuhin ng *Oji* Raiden mo na masira ang organized niyang routine. At talagang masisira ’yun kung ako ang gagawin niyang girlfriend.”

“Ingat, Sari, at baka patulan ko ang dare mo,” aniya.

“Not in your vocabulary, Raiden,” sagot nito.